Madalas na mga Tanong tungkol sa California Gubernatorial Recall Election

Mayroon kayong mga opsyon para sa ligtas at maagang pagboto sa eleksyong ito

Ngayong Setyembre, magsasagawa ang California ng eleksyon na magtatanong sa mga botante kung nais nilang ma-recall (maalis) ang Gobernador sa puwesto. Tinitiyak ng Registrar-Recorder/County Clerk ng Los Angeles County na mayroon kayong lahat ng impormasyon na kailangan ninyo para ligtas na bumoto nang maaga!

Naririto kung ano ang inyong kailangang malaman tungkol sa darating na eleksyon.

Ano ang California Gubernatorial Recall Election?

Noong Hulyo 1, 2021, nag-utos si California Lieutenant Governor Eleni Kounalakis na magkaroon ng isang eleksyon sa buong estado upang mapagpasiyahan ang tungkol sa recall ni Governor Gavin Newsom at, kung naaangkop, maghalal ng kapalit. Gaganapin ang eleksyon sa Setyembre 14, 2021.

Ang eleksyong ito ay tatakbo tulad ng anumang eleksyon sa buong estado sa Los Angeles County, kung saan lahat ng rehistradong botante ay padadalhan sa koreo ng balota para sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (Vote by Mail), magkakaroon ng daan-daang Ballot Drop Box para sa walang kontak na paghulog ng balota, at magkakaroon ng daan-daang personal na Vote Center na magagamit ng kasing-aga ng 10 araw bago sumapit ang Araw ng Halalan.

Paano gumagana ang eleksyong ito?

Mayroong dalawang tanong sa inyong balota na bibilangin nang hiwalay ang bawat isa:

- ➔ Nais ba ninyong ma-recall ang gobernador?
- ➔ Kung gayon, sino ang nais ninyong pumalit sa kanya?

Kung mahigit sa 50% ng botante ang bumoto ng OO (YES) sa recall ng gobernador, maaalis ang gobernador sa puwesto at ang kandidato na may pinakamaraming boto ang papalit sa kanya.

Kung bumoto ako ng “HINDI (NO)” sa recall ng Gobernador, maaari pa rin ba akong sumagot sa ikalawang katanungan na kung sino ang papalit sa kanya?

Oo, kung pinili ng botante ang “HINDI (NO)” sa recall ng Gobernador, maaari pa rin silang bumoto para sa kapalit na kandidato.

Kailan ang eleksyon?

Ang California Gubernatorial Recall Election ay gaganapin sa Setyembre 14, 2021. Gayunman, hindi na ninyo kailangang maghintay ng Araw ng Halalan para marinig ang inyong tinig. Bawat rehistradong botante ay bibigyan ng balota para sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (Vote by Mail) nang hindi lalampas sa Agosto 16. Panatilihing ligtas ang inyong sarili at ang ating komunidad sa pamamagitan ng pagboto gamit ang inyong balota para sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo at pagbabalik nito nang maaga!

FAQs

PLAN YOUR VOTE
September 2021

Ano ang aking mga opsyon sa pagboto?

Ginagawang madali ng Los Angeles County para sa inyo na planuhin ang inyong boto sa eleksyong ito.

1 **Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (Voting by mail):**

Ito ang pinakamadali at pinakamaginhawang paraan ng pagboto. Lahat ng rehistradong botante sa County ay padadalhan ng balota para sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (Vote by Mail) nang hindi lalampas sa Agosto 16. Punan lamang ang inyong balota, isarang mabuti ito, lagdaan ito, at ipadala ito sa koreo. Tiyaking nalagyan ito ng tatak pangkoreo nang hindi lalampas sa Araw ng Halalan, Setyembre14 – at tandaan, hindi na kailangang lagyan ng selyo!

2 **Paghulog sa isang ligtas na Ballot Drop Box:**

Maaari ninyong ibalik ang inyong balota sa isa sa 400 lugar ng Ballot Drop Box na ligtas at malayo sa panganib. Magagamit ang lahat ng Ballot Drop Box nang hindi lalampas sa Agosto 16 at mananatiling bukas araw-araw hanggang 8 PM sa Araw ng Halalan, Setyembre 14. Tatanggap ang mga botante ng listahan ng pinakamalapit na mga lugar ng drop box sa kanilang pakete ng Vote by Mail. Ang buong listahan ng mga lugar ng drop box ay makikita sa LAVote.net.

Maaari ko bang masubaybayan ang aking Balota sa Vote by Mail?

Oo, maaari ninyong masubaybayan ang inyong balota sa bawat hakbang sa pamamagitan ng pag-subscribe sa Where's My Ballot (california.ballottrax.net) nang libre. Tatanggap kayo ng mga real-time notification sa pamamagitan ng text message, email, o voicemail sa katayuan ng inyong balotang ipinadala sa koreo. Pagkaraan ninyong ibalik ang inyong balota, tatanggap din kayo ng mga notification kung kailan natanggap at nabilang ang inyong balota mula sa tanggapan ng Registrar.

Kailangan ko bang magparehistro para bumoto?

Kung nakarehistro na kayo para bumoto, hindi na ninyo kailangang magparehistrong muli para sa Recall Election. Kung kayo ay 18 taong gulang at isang U.S. Citizen at hindi pa kayo rehistrado para bumoto, dapat kayong magparehistro ngayon sa LAvote.net. Kung hindi kayo sigurado na nakarehistro para bumoto maaari ninyong tingnan ang inyong katayuan sa pagrehistro sa online sa LAVote.net.

Kailan ang deadline ng pagrehistro?

Ang huling araw para magrehistro at tumanggap ng balota sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (Vote by Mail) para sa Recall Election ay sa Agosto 30.

VBM Registration deadline



Maaari pa rin ba akong bumoto kung hindi ako nakaabot sa deadline ng pagrehistro?

Oo, sinumang karapat-dapat na botante na hindi nakaabot sa deadline ay maaari pa ring bumoto nang personal sa anumang Vote Center sa Los Angeles County simula sa Setyembre 4.

FAQs

Ano pa ang naiiba tungkol sa eleksyong ito?

Ang eleksyong ito ay kakaiba sa dahilang mayroong 46 na kandidato na makikita sa inyong balota. Iyon ay higit pa sa nakasanayan ninyong makita sa isang paligsahan. Sa halip na gumugol ng mas mahabang panahon sa isang Vote Center, mas madaling markahan ang inyong balota sa bahay gamit ang balota para sa Vote by Mail at ibalik ito sa pamamagitan ng koreo o sa isang Ballot Drop Box.

Mayroong 46 na kandidato na makikita sa balota sa eleksyong ito. Kung may plano kayong bumoto nang personal, hinihikayat namin kayong makapagtipid ng oras sa pamamagitan ng pagpunan ng inyong mga napili bago umalis ng bahay gamit ang Interactive Sample Ballot (ISB). Ang ISB ay nagpapahintulot sa inyong markahan ang inyong mga napili at ilipat ang mga napiling ito sa Vote Center sa pamamagitan ng pag-scan sa Poll Pass (QR code) sa Ballot Marking Device. Punan ang inyong mga napili sa isb.lavote.net.

Ano ang Ballot Drop Box?

Ang Ballot Drop Box ay isang ligtas at malayo sa panganib na alternatibo upang maibalik ang inyong balota para sa Pagboto sa pamamagitan ng Koreo (Vote by Mail). Sa eleksyong ito ay mayroong 400 ligtas na mga Ballot Drop Box para sa pagbabalik ng inyong balota – magagamit ang lahat ng box nang hindi lalampas sa Agosto 16. Punan lamang ang balotang ipinadala sa inyong bahay sa pamamagitan ng koreo, isarang mabuti ito, lagdaan ito, at ibalik sa drop box. Para malaman kung saan may Ballot Drop Box sa inyong komunidad, pumunta sa LAVote.net.

Ano ang Vote Center?

Ang Vote Center ay isang lugar na madaling puntahan sa Los Angeles County kung saan ligtas silang makakaboto nang personal. Sa eleksyong ito ay may humigit-kumulang na 250 lugar na matatagpuan sa buong County. Nagkakaloob ang mga Vote Center ng makabagong mga tampok upang gawing ligtas, madali, at maginhawa ang pagboto. Ang mga lugar na ito ay nagsisilbi ring isang Vote by Mail Ballot Drop Box – hindi na kailangang maghintay, ihulog lamang sa harapan ang inyong balota.

Ang mga piling Vote Center ay magbubukas sa Sabado, Setyembre 4 at mananatiling bukas araw-araw mula 10 AM hanggang 7 PM. Magagamit ang lahat ng lugar ng Vote Center simula sa Sabado, Setyembre 11 at mananatiling bukas araw-araw hanggang sa Araw ng Halalan, Setyembre 14. Ang mga oras sa Vote Center sa Araw ng Halalan ay pinalawig sa 7 AM hanggang 8 PM.

Ano ang mga Panuntunan sa COVID-19 sa isang Vote Center?

Susundin ng mga Vote Center ang mga panuntunan sa pampublikong kalusugan at kaligtasan upang matiyak ang isang ligtas na kapaligiran sa pagboto para sa lahat ng botante at mga Election Worker. Dapat maging handa ang mga botante na magsuot ng face mask at ilayo ang kanilang mga sarili sa iba (social distance) habang nasa Vote Center. Magbibigay ng mga mask sa mga botanteng walang dala nito.

Saan ako makakahanap ng isang Vote Center?

Magpapadala ng postcard sa koreo sa lahat ng rehistradong botante sa huling bahagi ng Agosto o sa unang bahagi ng Setyembre na nagpapakita ng lugar ng Vote Center na pinakamalapit sa kanilang tirahan. Maaari ding makakita ng buong listahan ng mga lugar ng Vote Center sa online sa LAVote.net.